REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAAN BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 17

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGDAGDAG NG SUWELDO NG PUNONG BAYAN, PANGALAWANG PUNONG BAYAN AT SAMPUNG MGA KONSEHALES AYON SA MMC EXECUTIVE ORDER NO. 87-08 NA NAGKABISA NOONG MARSO 1, 1987.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang kasalukuyang suweldo na tinatanggap ng Punong Bayan, Pangalawang Punong Bayan at sampung mga konsehales ay naaayon sa "Joint Circular No. 31" na inisyu ng Kagawaran ng Pamahalaang Lokal at nagkabisa noong Disyembre 12, 1987;

SAPAGKAT, ang dating sinusunod na alituntunin sa pagpapasuweldo sa mga opisyales ng pamahalaang lokal ay ang MMC Executive Order No. 87-08 na inisyu ng dating Gobernador ng MMC, G. Jejomar Binay at nagkabisa noong Marso 1, 1987;

SAPAGKAT, ang pagkakaibang suweldo ng dalawang magkaibang alituntunin ay napakalaking halaga na makikita sa pagkasunod-sunod:

| | MMC EXEC. ORDER NO. 87-08 (Bawat Buwan) | JOINT CIRCULAR NO. 31 (Bawat Buwan) |
|---|---|---|
| MAYOR | ₱10,793.00 | ₱8,000.00 |
| VICE MAYOR | 9,780.00 | 7,200.00 |
| DEPARTMENT HEAD | 8,854.00 | 6,480.00 |
| ASST. DEPT. HEAD | 8,015.00 | 5,832.00 |

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay naniniwala na ang Joint Circular No. 31 ay hindi naaayon sa mga iba't-ibang alituntunin na nakikita sa pagkasunod-sunod:

1. MMC EXECUTIVE ORDER NO. 87-08 (Ayon sa nakatala sa taas)
2. MALACAÑANG EXECUTIVE ORDER NO. 249 (Nagkabisa noong Hulyo 25, 1987)

Ayon sa Seksiyon 7, "Walang opisyal o empleyado ng Pamahalaang Lokal ang dadanas ng pagbabawas sa kanilang suweldo na tinatanggap niya noong nagkabisa ang Executive Order na ito ..."

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAAN BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SAPAGKAT, ang MMC na umiiral na batas hanggang ngayon sa Kalakhang Maynila ang dapat sundin na sinuportahan naman ng Malacañang Executive Order No. 249;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay inaatasan ang Ingat-Yaman na ibalik muli ang dating suweldo na naaayon sa MMC Executive Order No. 87-08 at gawing "retroactive" mula Pebrero 1988.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan sa kanilang panglabing-isang pangkaraniwang pulong nitong ika-25 ng Abril 1988.

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
PANG. Punong Bayan/Pang. Punong Opisyal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal